
IKA 25 LABAS
BANAL NA KALIS
MULA NANG SUMIPOT ANG MAHIWAGANG BANAL NA KALIS, AT SABIHIN NI PADRE FALCON ANG KAHULUGAN NIYON AY NABALISA NA SI ERAMO. IPINASYA SA SARILING HANAPIN NIYA ANG KALIS AT HINDI NATULOY ANG KANILANG KASAL. KASAMA SI DAGAS AY NAGLAKBAY NA SIYA SA PAGHANAP AT ITINURO SA KANILA NG ERMITANYO ANG IKAPITONG BUNDOK...
KATHANG ISIP NI JUAN DE SAMANIEGO
GUHIT NI EDDIE YUZON
SAKLOLOOO! SAKLOLOOO!
PANGINOON GINAGAHASA ANG BABAE..
LAPASTANGANG LALAKI!
DADALUHAN KO ANG BABAE PANGINOON...
DAGAS, WALA TAYONG PANAHONG DAPAT SAYANGIN... NAKAAABALA LANG SA 'TIN ANG PAKIKIALAM D'YAN... ANG KALIS AY DAPAT NATING MATAGPUAN AGAD!
SAKLOLOOO!
AT NAGPATULOY SILA NA DI NAGPAKAABALANG DALUHAN ANG KAWAWANG BABAE...
HINDI KO MALAMAN KUNG ANO'NG GINAGAWANG 'TO NG AKING PANGINOON. NGUNIT ALAM NIYA ANG KANYANG GINAGAWA!


SUBALI'T BIGLANG HINARANG SINA ERAMO AT DAGAS NG MGA TULISAN...
PANGINOON, NGAYON LANG NATIN MAGAGAMIT ANG ATING MGA TABAK PAGKARAAN NANG MARAMING ARAW...
ABALA ANG MGA 'TO SA 'TING PAGHAHANAP!
ANG MAHIGPIT NA PAKIKIPAGLABAN NINA ERAMO AT DAGAS AY NAWAWALAN NA NG SAYSAY. UNTI-UNTI NA SILANG NAGAGAPI....
WALA TAYONG MAGAGAWA, DAGAS... PARA SILANG LANGGAM SA DAMI!
PANGINOON, DI PA BALI ANG ATING MGA TABAK
NAGAHIS NGA ANG PAKIKIPAGLABAN NINA ERAMO AT DAGAS...
GAPUSIN ANG MGA 'YAN... AT TINGNAN KUNG ANO ANG KANILANG MGA DALA NA MAPAKIKINABANGAN...
PAGKATAPOS NA MASAMSAM ANG KANILANG KAGAMITAN SA PAGLALAKBAY AY IPINALAKAD SILA SA MAINIT NA DISYERTO...
DAGAS, NARINIG MO ANG KANILANG SINASABI... IPAGBIBILI TAYO SA PAMILIHAN NG ALIPIN!
PATAYIN NA MUNA NILA SI DAGAS BAGO MAGAWA SA 'TIN 'YON!
ISANG GABI... ANG MGA TULISAN AY HUMIMPIL SA ISANG OASIS...
SALAMAT, NAKAKALAG AKO...
KALAGAN MO 'KO, PANGINOON...
WALA NANG PANAHON, DAGAS... ANG MGA TULISAN AY TILA NAPAPANSIN TAYO... IIWAN NA KITA... ISA MAN LANG SA 'TIN AY MAKATATAKAS...
IWAN NGA KAYA NI ERAMO SI DAGAS? MAGAWA KAYA NIYA ANG TUMAKAS KAHIT IWAN ANG MATAPAT NA ALIPIN?